

The background of the cover is a painting. It depicts a sunset or sunrise over a body of water. The sky is a mix of dark blue, purple, and orange. In the distance, there are silhouettes of mountains. In the foreground, there are palm trees and other tropical vegetation. The overall mood is serene and nostalgic.

# TALIM

*Mga Kuwento ng Sampung Kabataan*

Clarence M. Batan

---

# TALIM

*Mga Kuwento ng Sampung Kabataan*

---

---

Inilathala ng SOCIAL RESEARCH CENTER  
Unibersidad ng Santo Tomas  
Maynila, Pilipinas  
2000

Karampatang pagmamay-ari ni  
CLARENCE M. BATAN, 2000  
Karampatang pagmamay-ari ng mga dibuho  
Dexter Cruz, 2000  
Raul Funilas, 2000  
Mark Marcelo, 2000

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng aklat na ito ay hindi maaaring kopyahin nang buo o bahagi, sa kahit alinmang paraan, nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda.

ISBN 971-506-114-1

---

*Iminumungkabing entry*

HQ

799.P6

B311

2000

Batan, Clarence M.

Talim: mga kuwento ng sampung kabataan/

Clarence M. Batan. -- Manila: UST,

Social Research Center, C2000.

xii, 212 p. : ill. ; 14 cm.

Bibliography: p. 197-208.

ISBN 971-506-114-1

1. Youth - Philippines. 2. Youth, Filipino -conduct of life
  3. Sociology, Rural - Philippines I. Title.
-

---

Ang akda ni Clarence M. Batan ay isang malikhaing pagtingin sa buhay ng mga kabataan sa Isla ng Talim na hinabi sa pamamagitan ng kuwentong-buhay. Kritikal sa boses ng mga kabataan na lumitaw gamit ang metodolohiyang peminista at *gender-sensitive*. Ang librong ito ay bunga ng mahabang pakikibahagi ni Clarence M. Batan sa mga gawain ng UP Center for Women's Studies. Isang makabuluhang agham panlipunan na mula sa tao at para sa tao.”

Sylvia H. Guerrero

*Tagapayo ng Thesis*

PROFESOR

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS

DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

---

“Clarence M. Batan is one of the new breed of young sociologists, who has immersed himself in the daily lives of ordinary people — their activities, their attitudes and values, their views about society, and their dreams and aspirations. He then skillfully weaves their discourse into 10 stories, whose tellers give new insights into the shape of Philippine society today. The stories are also research reports, in that the information they bring about helps the reader systematize and comprehend better the world of Talim. This is the new sociology.

Mary Racelis

*Profesor*

PAMANTASAN NG ATENEO DE MANILA

AT UNIBERSIDAD NG PILIPINAS

PANGULO, COMMUNITY ORGANIZERS

MULTIVERSITY, ISANG NGO

Being young himself, Batan naturally seeks out his own age-mates – young men and women – and helps them describe and analyze their own reality. In so doing, he performs a great service to the wider society – academics and other social scientists, people's organizations, non-governmental organizations (NGOs), government servants and others – who want to study seriously the meaning of socio-cultural change and analyze its implications. *Talim: Mga Kuwento ng Sampung Kabataan* charts a refreshing new understanding of the frontiers of thought and action toward which the younger generation is taking the Philippines in the coming millennium.”

---

---

“Isang malaking hamon sa agham panlipunan ang katawanin ang boses ng pinagsulatan. Sa *Talim: Mga Kuwento ng Sampung Kabataan*, ang hamong ito ay nasimulan nang tugunan sa pamamagitan ng kritikal na paggamit ng kuwentong-buhay---isang epektibong metodolohiyang kumakatawan sa sosyolohiya ng pamayanang Pilipino.”

Cynthia Bautista

*Kritik ng Thesis*

PROFESOR  
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS  
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

---

“Ang pag-aaral na ito ay tumutugon sa malaking kakulangan sa ating kaalaman tungkol sa pananaw at mithiin ng mga kabataan hinggil sa pagbabago at kinabukasan ng lipunan. Isang napapanahong ambag sa pagpapalaganap ng mga uri ng pananaliksik na sensitibo sa kulturang Pilipino.”

Carolyn Sobritchea

*Miyembro ng Thesis Panel*

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS  
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

---

“Ito ay isang pananaliksik na ginamitan ng kuwalitatibong pamamaraan upang makita ang tunay na pananaw na nanggagaling sa perspektiba ng mga kabataan. Isang mapanuring pagtingin na maaaring magbigay-daan sa isang alternatibong kinabukasan ng mga kabataan sa Isla ng Talim.”

Nanette Dungo

*Miyembro ng Thesis Panel*

PROFESOR  
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS  
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

---

---

# TALIM

*Mga Kuwento ng Sampung Kabataan*

Clarence M. Batan

*Bahagi ng isang Thesis sa Programang Graduwado  
ng Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya,  
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon  
bilang bahagyang katuparan ng mga pangangailangan  
para sa Masterado ng Sining sa Sosyolohiya*

*Social Research Center  
Unibersidad ng Santo Tomas  
Maynila, Pilipinas  
2000*



---

PATNUGOT <i>Vim Nadera</i>	MGA PINUNO NG PAMAYANAN <i>Bgy. Capt. Bonifacio Ceremonia, Sr. Jesus Discutido</i>
KATUWANG NA PATNUGOT <i>Sherwin Mendoza</i>	MGA KATULONG NA KABATAAN <i>Francisco Celestra Carlo Ceremonia Chito Ceremonia Carol Ceremonia Ryan Daita Roselyn Daita Abercio Discutido Gregorio Discutido Lanie Discutido Edgar Maestrado Jojo Mendoza</i>
KABUUANG DISENYO NG LIBRO, DIBUHO <i>Dexter Cruz</i>	
TAGAPAYO <i>Dr. Sylvia H. Guerrero</i>	
KRITIK <i>Dr. Cynthia Bautista</i>	
MIYEMBRO NG THESIS PANEL <i>Dr. Nanette Dungo Dr. Carol Sobritchea</i>	Awit na “Talim” likha ni <i>Joaquin Aldrin Sison</i>
KINATAWAN NG DEKANA <i>Dr. Clemen Aquino</i>	Sinuportahan ng <i>Educational Technology Center, UST Community Organizers Multiversity Philippine Center for Learning and Teaching Styles</i>
SOCIAL RESEARCH CENTER <i>Prof. Armando de Jesus Direktor</i>	

---


---

*Para sa mga kabataang Pilipino*



Dibuho ni Raul Fumilas





---

# TALAAAN NG NILALAMAN

*Paunang Salita* v

*Prologo* vii

I ANG PINANGYARIHAN 1

II SA KAWAYANAN 11

III EDUKASYON SA LAWA 29

*Edgar* 30

Lawa at Sekta 31

*Greg* 44

Pangingisda: Edukasyon sa Buhay 45

*Jojo* 58

Ang Pagpupukot 59

IV TRABAHO SA KABAYANAN 71

*Chito* 72

Kubo sa Laot 73

*Bel* 87

Sayawan: Bisperas ng Kasal 88

---

<b>V</b>	<b>PAMILYA AT ISLA</b>	<b>101</b>
	<i>Myrna</i>	<b>102</b>
	Biyaheng Kawayanan	<b>103</b>
	<i>Anag</i>	<b>116</b>
	Labada	<b>117</b>
	<i>Lanie</i>	<b>128</b>
	Batong-bahay	<b>129</b>
<b>VI</b>	<b>HAMON NG LAWA AT PAARALAN</b>	<b>143</b>
	<i>Alex</i>	<b>144</b>
	Sa Basketball Court	<b>145</b>
	<i>Pagun</i>	<b>157</b>
	Pabalik sa Bayan	<b>158</b>
<b>VII</b>	<b>ISLA, LAWA AT KABAYANAN</b>	<b>173</b>
	Sa Mga Kuwento ng Sampung Kabataan	<b>173</b>
	Isla	<b>174</b>
	Lawa	<b>178</b>
	Kabayanan	<b>181</b>
	<i>Epilogo</i>	
	<i>Glosari</i>	<b>189</b>
	<i>Sanggunian</i>	<b>197</b>
	<i>Pasasalamat</i>	<b>209</b>

---

---

# PAUNANG SALITA

Ang interes sa larangan ng pag-aaral sa sosyolohiya ng kabataan ay matagal na ring yinayakap ng UST-Social Research Center. Ito ay nakaugat sa layuning makabuo ng sapat na paliwanag tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng kabataang Pilipino.

Ang librong ito ay isang pananaliksik na naging sensitibo sa kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ang kuwalitatibong metodolohiya, naging malikhain ang paglalahad at pagkukuwento ng buhay ng sampung kabataan sa Isla ng Talim. Nangibabaw ang boses ng mga kabataan na gamit ang kanilang bokabularyo na waring nakikipagtampisaw sa wika ng mananaliksik.

Inaanyayahan ko kayong damhin ang bawat kuwento na sumasalamin sa kasalukuyang kalagayan ng ating bansa gamit ang lente ng kabataang Pilipino na namamangka mula sa ika-20 siglo patungo sa bagong milenyo.

Prop. Armando de Jesus  
*Direktor*  
UST-SOCIAL RESEARCH CENTER





## LAOT, KUWENTO AT SAGWAN

**M**alamlam ang sikat ng araw ngayong umaga habang itinutulak ni Greg ang bangka palaot. Walang palangoy ang bangkang gagamitin namin kaya't kinakailangang marunong kang magbalanse ng katawan. Kapag humahataw ang alon sa kaliwa ay bahagyang gigilin ang bangka sa kanan. Mananagwan kami papuntang laot.

“Sakay na. Dahan-dahan, umupo ka sa gitna at huwag kang masyadong magalaw. Maganda ang tubig ngayon, malinaw. Marami siguro tayong maaangat na isda. Maraming similya ngayon. Sayang lang, kung mayroong sobrang pera ang Nana, nakapag-cage sana. Malaki ang kikitain ng magke-cage. Gusto mo bang managwan?” tanong ni Greg.


Ang repleksiyon ng aking pakikipamuhay sa Bgy. Kawayanan, sa Isla ng Talim, bilang isang mag-aaral ng Sosyolohiya ay aking nabanaag ng umagang iyon, nang magsimula akong managwan. Sa kalamlaman ng umaga ay nagpapatuloy ang pangingsida, ang pagpunta sa laot upang magbakasakaling makahuli ng isda para maipagbili sa bayan at makakuha ng makakain sa maghapon.

---

---

Maraming puwedeng problemahin ang isang mag-aaral ng Sosyolohiya sapagkat hanggang ngayon, maraming malabo na bahagi ang agham panlipunan. Mabilis ang pagbabago ng mga institusyon tulad ng pamilya, paaralan, politika, bangko at merkado. May mga istrukturang nanganganib sa komposisyon dulot ng teknolohiya at walang humpay ang pagliit ng gawaing pang-mundo sa gitna ng tinatawag na globalisasyon. Kaya't tulad ng pagtungo sa laot, tuloy ang kuriosidad na maaaring sa aming mga bata pa sa larangang ito ay isa ring adbentura, upang mailarawan at maitampok ang multi-realidad ng isang pamayanan. Kung tutuusin, tunay ngang laot ang agham panlipunan. Ang kalawakan nito ay siya ring nagmumungkahi ng mga limitasyon. Mas maraming mahuhuli sa laot, sapagkat hindi nabubulabog ang mga isda na malayang nakikipaglaro sa alon, kaya nga't ang laot ay hindi ligtas sa mga taong nakadiskubre ng yaman dito. Magtutuloy ang pagpunta sa laot ng mga tao. Ang laot ay mahalagang bahagi ng buhay sa pamayanan ng mga umaasa sa dagat.

Mas maraming mahuhuli sa laot, sapagkat hindi nabubulabog ang mga isda na malayang nakikipaglaro sa alon, kaya nga't ang laot ay hindi ligtas sa mga taong nakadiskubre ng yaman dito.



---

Sa kabilang dako, sa lawak ng maaaring pagtuunan ng pansin ng isang mag-aaral ng buhay, ang hamong makapili ng pinakaakmang metodolohiya. Layunin nito ang makabuo ng sistema sa pagkuha ng mayaman na datos na sa huli'y gagamitin sa pagsusuri at paghutok ng mga konklusyon. Totoo ngang napakaraming estratehiya ang mapagpipilian upang katawanin ang katotohanan sa isang grupo, komunidad o pangyayari, tulad ng maraming uri ng bangkang naglalakbay sa lawa.

May bangkang pampasahero na may kulubong, malaki, 'di mabuhay, malapad at may suson-susong kawayan sa magkabilang-tabi na puwedeng higaan. Malakas at mabilis ang makina, maaring sakyan ng mahigit 40 katao, kasama ng tone-toneladang bigas, isda, appliances, sari-saring tinda, hollowblocks, plywoods, banyera, kiluhan, atbp. Ito raw ang pinakaligtas na masasakyan papuntang isla. Mayroon ding tinatawag na FX, hango sa uso ngayong sasakyan sa bayan na air-conditioned at mahal ang bayad. Mas maliit, mas mabilis, konti lamang ang pasahero at mga paninda, madaling mapuno kaya't nakaaalis ng mas maaga. Kaya nga lang tulad ng FX sa bayan, may dagdag na bayad.

Sa isla ay may kanya-kanyang bangka ang mga mangingingisda. Ito ang itinuturing na isa sa pinakamahalagang pagmamay-ari ng pamilya. Ngunit 'di tulad ng pampasaherong bangka, ang motor ng ibang bangka ay sapat lamang na makarating sa laot upang makahuli ng isda o pumunta sa mga karatig barangay. Ang pinakapopular na bangka ay yari sa fiber dahil hindi ito nabubulok tulad ng kahoy. Ngunit, mayroon pa

---



---

ring bangkang-kahoy ngayon. May bangkang dalawa ang palangoy ngunit madalas ay isa. May bangka ring walang palangoy. Magalaw. Walang motor at ginagamitan ng sagwan.

Ang aking metodolohiya ay ang bangkang walang palangoy. Kailangan nito ang balanse ng katawan upang ‘di tumaob. Ang tanging paraan lamang upang marating ang laot ay sa pamamagitan ng pananagwan.

Pinili kong makipamuhay sa mga mangingisda upang buo kong masaksihan ang buhay sa Bgy. Kawayanan. Kinatatampukan ito ng pagpapaliwanag sa mga tao ng pamayanan ng aking interes, intensiyon, kalikasan ng trabaho at dahilan ng pagtira sa kanilang barangay. ‘Di ko itinanggi ang aking institusyong kinabibilangan, ang aking pagiging guro, at higit sa lahat, ang gawain ng isang sosyologo. Kasama ko silang nagpapalinaw ng buhay sa bawat gawaing aming pinagsasaluhan. Mula sa pag-aangat ng isda, paghahanda ng agahan, pagwawalis sa harap ng bahay, pag-iigib ng tubig, pag-oorasyon, pag-iinuman, paglululuhan, pagpi-piknik, paglangoy sa tabing-dagat, pagbububo, pamamasyal sa kabilang barangay, pamimiyesta, pagsasabong, pag-uuling, pamumundok, pagsusuga ng mga alagang baka, pakikipagkuwentuhan sa pritul, atbp. Ang lahat ng gawaing ito ay walang palangoy.

Walang halong pagkubli sa kalikasan ng aking gawain bilang mag-aaral ng Sosyolohiya. At higit sa lahat ay ang di labis na pagkanlong sa perspektiba na dulot ng aking pag-aaral sa pamantasan. Hindi ko

---


---

sinasabing walang latak ng impluwensiyang hango sa aking napag-aralang perspektiba ang metodolohiyang ito. Ngunit ninais kong sa paglalarawan ng kultura ng pamayanan (sa pamamagitan ng mga kuwento) kailangan kong ang gamitin ang emic approach (Cohen, ed. 1974: 14). Ito ay nagtatampok ng pagtingin sa kultura mula sa perspektiba ng mga tao. Nilalayon nitong malayo sa etnosentrismo ang mananaliksik upang maiwasan ang labis na pagkatig sa mga pagpapahalagang kultural ng pamayanang pinanggalingan. Samantalang bukas ang katotohanang walang perpektong paglalarawan ng karanasang pang-kultura ang isang grupo mula sa isang nananaliksik.

Walang palangoy ang bangkang aking kinalululanan. Nagsilbing mga sagwan ang buhay ng mga kabataang babae at lalaki sa Bgy. Kawayanan upang marating ko ang laot ng higit na kaliwanagan tungkol sa buhay ng pamayanang mangingisda. Ang kanilang mga buhay ay may iba't ibang hataw at bilis. Minsan ay paayon sa alon ngunit may sandali ring sinasagupa ang bagsik ng lawa.

Ang pakikibahagi sa buhay ng mga kabataan sa apat na taong (1994-1998) magkakasamang paglaki, pagtanggap ng mga hamon, kasiyahan, biruan, problema at kalungkutan, mga gawaing pagbabakasakali sa pag-ibig, pag-aaral, trabaho, relasyon sa pamilya, pag-aasawa, impluwensiya ng mga estilo at uso mula sa bayan, media; at kanilang mga pangarap ang naging sentro ng aking pag-aaral.

---



---

Marami nang naisulat ukol sa mga kabataang Pilipino. Marami na ring pag-aaral ang nalarawan sa aming pag-iisip, pananaw, realidad at kung paano naming tinitingnan ang aming kinabukasan. Ngunit ang paglalarawan, pagsusulat, pagsusuri at pagninilay ng buhay ng mga kabataan sa isang pamayanan ng mga mangingisda na aking personal na nakasama ay nagbigay ng paglalarawang detalyado at buo. Ang naratibo ng kanilang mga buhay ay salamin ng generasyon sa kasalukuyan na ang pinangyarihan ay hindi sa Maynila, siyudad o metropolis ngunit sa isang isla, na sinasakop ng isang probinsiyang nagmamadaling maging urbanisado at industriyalisado.



Ang naratibo ng kanilang mga buhay ay salamin ng generasyon sa kasalukuyan na ang pinangyarihan ay hindi sa Maynila, siyudad o metropolis ngunit sa isang isla, na sinasakop ng isang probinsiyang nagmamadaling maging urbanisado at industriyalisado.



## ANG PINANGYARIHAN

**A**ng kasaysayan ng Pilipinas ay nakasentro sa mga pangyayari sa Kamaynilaan. Madalas ang sukat ng tagumpay ng isang Pilipino ay nakabatay kung ito’y kinilala sa Maynila. Sa maraming nagdaang taon, ang lahat ng pundasyon sa lipunan, ang iba’t ibang institusyon ay sa Maynila natatag at nahubog. Ang lahat ng primyadong paaralan at pamantasan, luklukan ng gobyerno, palitan ng produkto at kalakalan, at mahahalagang usapin at kasunduan ay dito naganap. Kaya’t ang Maynila ay maituturing na puso at pusod ng bansang Pilipinas. Magpasa-hanggang ngayon, nananatili ang kasikatan ng Maynila na nagsisilbing halimbawa ng mga probinsiya sa bansa.

Malapit sa Maynila ang bayan na sumasakop sa Isla ng Talim. Labing-limang (15) kilometro lamang ang layo nito sa Maynila at ngayon, unti-unti nang nagiging urbanisado ang bayan ng Binangonan, Rizal.

---

Saksi ako sa pagbabago ng Binangonan. Dati, may malawak itong taniman ng palay, malalagong punong-kahoy at iba't ibang uri ng halaman. May kaunting kabahayan at mga sasakyan. Ngayon ay marami ng mga subdivisions at commercial areas. Dumami na ang populasyon, kabahayan at nagsikip na ang mga daan. Patuloy na dumarami ang nag-aaral at nakapagtatapos hindi lamang sa lalawigan kundi maging sa Kamaynilaan. Walang patid ang aktibong interaksyon ng mga taga-Binangonan sa magalaw na buhay ng siyudad.

Mabilis na ang pagtakbo ng mga sasakyang papunta sa Kamaynilaan. Nagpasidhi pa rito ang pagdaloy (na parang malayang tubig) ng impormasyon na dala ng teknolohiya. Mula sa radyo, telebisyon at computers, matitiyak na mabilis makarating ang samu't saring mga balita. Bukod pa rito, mayroon na ring linya ng telepono sa kabayanan ng Binangonan.

Sa kasalukuyan, ang Binangonan ay itinuturing na isa sa mahahalagang sentro ng papaunlad na bayan sa lalawigan ng Rizal. Bukod sa pagkakaroon ng malaking populasyon, malawak ang nasasakop nitong lupain at lawa. Sa kabuuang 39 na barangay ng Binangonan, 17 ay matatagpuan sa Isla ng Talim.


Sa kabuuang populasyon, malapit sa kalahati ang dami ng naninirahan sa Talim. Ngunit walang tulay na nag-uugnay sa kabayanan at isla. Ang totoo nga, maging ang dalawang huling barangay ng bayan, ang Kalinawan at Pipindan, ay hindi pa rin naaabot ng sasakyang panlupa. Ang huling daang mararating ng tricycle at dyip ay ang Bgy. Ithan.

---

---

## ANG PRITIL


Sa bayan (na tinatawag na poblacion), mula sa paradahan ng dyip at mga tricycle, malapit na dito ang simbahang Katoliko na mahigit 100 taon nang nakatayo (mula 1892). Sa tore ng simbahan ay matatanaw ang Lawa ng Laguna at humuhugis na kabundukan ng Susong Dalaga. Dito masusulyapan sa kasikatan ng araw ang Isla ng Talim. Halos katabi na ng simbahan ang palengke at dating munisipyo sa harapan ng napabayaang parke.



Ang daang tuwid mula sa simbahang Katoliko na tumutumbok sa baybayin ng lawa ay tinatawag na Pritil. Pritil na sa pakahulugan ng marami ay sakayan papuntang isla, daungan ng mga bangka at kalakalan ng isda. Ito ay sinasakop ng dalawang barangay—Libis at Libid.

Ang Pritil ay isa sa pinakamasiglang lugar sa bayan ng Binangonan. Hindi ito nawawalan ng tao sapagkat sa lahat ng oras ay nagpapalitan ng kalakal na isda. Hindi magkamayaw ang mga tao sa dami ng mga maaaring bilhin. Ito marahil ang dahilan kung bakit itinuturing na ekstensiyon ng malaking palengke ang Pritil.

Sa bagad pa lamang patungong Pritil ay makikita na ang mga Muslim na nagbebenta ng mumurahing cassette tapes, radyo, orasan, at mga gamit ng karpintero o electrician. Mayroong dalawang kaigihang bangko na pinalalagakan daw ng ipon



---

at minsan ay inuutangan (sa pamamagitan ng loans) ng mga taga-isla. Samantalang sa magkabilang panig ng daan, madadaan mo ang mga naglalakad ng isda mula sa isla.

Sila ay mga kababaihang nakaupo sa harap ng isa o dalawang banyerang isda na inaalok sa mga namamalengke. Kalapit nila ang kanilang mga kiluhan, matalas na kutsilyo na panghinain ng mga isda at sangkalan. Simple lang ang kanilang damit. May parang daster o sayang maluwag sa baywang, na may malalapad na bursa. Dito nila itinatabi ang kanilang napagbilhan kasama ng maliit na notebook at ballpen na sulatan ng mga pautang o inutang. Kailangan ang maingat na talaan dahil magbabayaran lamang sila matapos maipagbili ang kanilang inangkat. Depende sa dami ng ipinagbibiling isda ang kanilang itinatagal sa daang-Pritil.

Hindi ko mabilang ang dami ng uri ng tindahan na malapit sa mismong daungan at sakayan ng bangka. Mayroong nagbebenta ng iba't ibang gamit pambahay, hile-hilerang kainan at bilihan ng pasalubong. Ngunit kapansin-pansin ang pagdami ng computer video-games at video-karera na tinatawag na kabayo. Ilegal itong libangan na kinalolokohan ng maraming napadadaan sa Pritil. Dagdag pa ang usong-usong videoke na labis na kinatutuwaan ng mga kabataan.

Kalapit nito ang hati-hating puwesto na pinaglalagakan ng mga banye-banyerang isda na pinamamahalaanan ng tinatawag na konsignasyon.



---

Sila ang mga bumibili ng mga napukot na tone-toneladang isda mula sa lawa at nagmamay-ari ng yelohan sa bayan. May mga trabahador silang nagbubuhay, nag-aayos ng mga huli sa banyera o naglalagay ng durog na yelo upang manatiling sariwa ang mga isda. Kapansin-pansin na madalas ang tauhan nila ay mga Bisaya o taga-Mindanao.

Mabuti na lang at inayos na ang baybayin ng lawa na dinadaungan ng mga bangka. Ngayon ay matatag at mataas na nang konti ang daan. Di tulad ng dati, konting ulan lamang ay lumulubog na ito.

Sa dulo ng Pritil, pagkakaguluhan ka ng mga bangkero at magalang na magtatanong kung saan ka pupunta. Unahan na ng pagkuha ng pasahero. Ituturo sa iyo kung ano ang bangkang nakatokang maghahatid sa iyo. Hindi kasi lahat ng bangka ay naghahatid sa lahat ng barangay sa isla. May kanya-kanyang destinasyon ang bangka. Ngunit may mga barangay na madalas ang biyahe hanggang gabi. Isa rito ang Bgy. Kawayanan.

## PAPUNTANG KAWAYANAN

Maraming pagkakataon na inaabot ako nang mahigit sa dalawang oras na paghihintay bago umalis ang bangka papuntang isla. Sa dami ng aking naging biyahe patungo at pabalik sa Bgy. Kawayanan, nabatid ko na ang sistema upang hindi masyadong masayang ang oras sa paghihintay ng bangka.

Walang katiyakan ang pagdating o pag-alis ang mga bangka. Depende ang biyahe sa dami ng pasahero at mga kargada upang di malugi. Kadalasan, isa hanggang tatlong balikan lang ang biyahe ng isang bangka.



---

“Talo sa gasolina kung hindi mapupuno,” madalas na paliwanag ng mga bangkero. Ngunit sa bawat barangay papuntang isla ay may kanya-kanyang nakatokang bangka. Wala itong malinaw na patakaran o sistema maliban lamang sa pare-parehong pagbabayad ng PhP 10.00 bawat biyahe hanggang sa Bgy. Janosa.

Paliwanag ng isang bangkero, “Pakiramdaman at respeto ang sinusunod. Kung sino ang nauna ‘di siya ang unang sasalang.”

Noong una akong maglagi sa Kawayanan (May, 1994), wala ni isang pamilya sa barangay ang nagmamay-ari ng bangkang pampasahero. Nito lamang nakaraang taon nagkaroon, ang bangkang may pangalang *Princess* (hango sa pangalan ng may-ari), na pinamamahalaan ng dating kapitan.

Kaya’t madalas, ang mga bangka sa kabilang barangay (Bugabong) ang nasasakyan ng mga taga-Kawayanan. Kung hindi naman, ang mga malalaking bangka na daraan sa Kawayanan ang siyang naghahatid. Pero ‘pag may bangkang Bugabong, ito ang pinipiling sakyang ng mga tao.



Talo sa gasolina kung hindi mapupuno.  
Ngunit sa bawat barangay papuntang isla ay may kanya-kanyang nakatokang bangka. Wala itong malinaw na patakaran o sistema



Mayroon ding mga pagkakataon na may umaarkila ng mga bangka sa pagitan ng PhP 200 hanggang PhP 500 kada biyahe. Kapag arkilado, madaling umaalis at nakabalik ang mga bangka. Pero minsan lang ito mangyari ‘pag may manager na bibisita ng kanyang fishpens o maghahango. Kung hindi naman ay mga turista na dumadalaw, misyonero, o bumibili ng ekta-ektaryang lupa sa Talim kasama ang kanilang mga Pilipinong ahente.

Minsan may biyahe sa pagitan ng 6:00 at 7:00 ng umaga papuntang Kawayanan. Ito ay biyahe ng mga napuyat sa pagdadala ng inangkat na isda sa Pritil.

Susundan ito ng mga biyahe sa oras na 8:00 n.u , 10:00 n.u at 12:00 ng tanghali. May dalawang oras na pagitan ang madalas na pag-alis ng bangkang dadaan sa Kawayanan. Madalas, ang mga maglalakad ng isda at mga namili sa bayan ang nakakasama ko sa biyahe. Marami akong nakakalap na impormasyon habang naghihintay sa bangka.

Sa hapon, may ilang humahabol pa sa biyaheng 1:00 ng tanghali. Ngunit kadalasan ay hapon na aalis ang mga bangka, sa pagitan ng 4:00 hanggang 7:00 ng gabi. Uwian naman ito ng mga mag-aaral at empleyado mula sa bayan. Kung malalim na ang gabi, minsan ay may napakikiusapang mga bangkero na dumaan sa Kawayanan.

---

Ang anumang biyahe ay depende sa dami ng pasahero kaya't madalas ay hindi mo rin sukat kung anong oras ang pagdating sa barangay. Kapag maraming pasahero, madali kang makaalis. Kapag matumal, kailangan ang mahabang pasensiya sa paghihintay na umaabot ng isa hanggang dalawang oras.


## PAG-ALIS NG BANGKA

Tuloy-tuloy na ang biyahe kapag malayo na sa Pritil ang bangka. Dito ay napapalitan ang mainit na simoy ng sariwang hangin mula sa lawa. Kanya-kanya na ring puwesto upang makatulog ang mga pasahero. Bahagyang umiindayog ang bangka na parang tsubibo kapag may nakasasalubong na kapwa bangka.

Kapansin-pansin ang mga barangay na binabaybay ng bangka. Matatanaw mula sa bangka ang nakakalibong mga bundok sa kabayanan. Marami ng kabahayan ang nakatayo maging sa mataas na bahagi ng bundok.

Sa lawa naman ay nagsulputan ang ekta-ektaryang fishpens. Kadalasan ay may kubong nakatayo sa laot na tinitirhan ng mga katiwalang nagbabantay. Marami na ang nakapagkuwento sa akin na ang mga may-ari ng fishpens ay mayayaman na hindi taga-Binangonan— mga negosyante mula sa ibang lugar o opisyal ng gobyerno na kadalasan ay nasa militar.

Sa pagitan ng mga fishpens ay ang mga maliliit na baklad at mga skylab.



---

Madadaanan din kapag nagbibiyaha ang Pulong-Ithan na nabili ng isang pribadong negosyante. May malaking bahay ito sa gitna ng pulo at napakaraming nakatanim na halaman. Generator daw ang ginagamit kapag mayroong kasiyahan o pagtitipon sa pulo. May sarili rin itong sistema ng tubig.

Sa huling barangay (Pipindan) ng kabayanan, sa Tapao Point, nakatayo ang isang internasyonal na sentro ng pananaliksik. Ito ay ang Southeast Asian Fisheries and Development Center (SEAFDEC). Sa istruktura ng mga malalaking gusali na itinayo sa bahaging ito ng lawa (na matatanaw ng mga papuntang isla), mababanaag na pinaglaanan ng malaking pera ang sentro.

Ang paghihiwalay ng kabayanan at isla ay makikita sa pagdaan sa Nabotas Strait. Dito ay medyo magalaw ang tubig at dumadampi ang mas malamig na hangin. Sa bahaging ito, unang matatanaw nang malapitan ang larawan ng Talim.

## UNANG SULYAP

Luntian ang buong isla. Kapansin-pansin ang malawak na lupain na puno ng kawayan. Sa parteng ito ng lawa ay malinaw ang tubig. Tinutumbok ng bangka ang unang barangay na sakop ng bayan ng Binangonan — ang Kawayanan, na mahigit ding 30 minuto ang biyahe mula sa bayan.